

TALIBA

#534 FEBRUARY 1-15, 2025

FlipzMedia

PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

Sofronio Vasquez, wagi sa "The Voice USA" Season 26; kauna-unahang Pinoy at asian na nanalo

Sofronio Vasquez, wagi sa "The Voice USA" Season 26; kauna-unahang Pinoy at Asian na nanalo



Isang Pinoy na naman ang gumawa ng kasaysayan sa global stage. Siya si Sofronio Vasquez na grand winner sa Season 26 ng "The Voice U.S.A."

wagi sa The VOICE USA Yes, *Sofronio Vasquez is the first Asian man to win The Voice in the United States.* He won season 26 of the show in 2024

Ang kuwento tungkol kay Sofronio Vasquez ang kauna-unahang Filipino Asian na nag-



Taliba**FlipzMedia**

Photography Services

Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.

We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

- 100+ photos \$20 per photo *(with free Taliba 1/438W Ads one time issue)*
- 50-90 photos \$25 per photo
- 20-49 photos \$30 per photo
- 10-19 photos \$35 per photo
- 5-9 photos \$40 per photo
- 2-4 photos \$45 per photo

Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license



For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the **Licensed Debt Professionals™**
at **David Sklar & Associates**

We are licensed by the **Canadian government**
to file and administer programs that can
relieve your serious debt problem and
give you a **'fresh start'**

- ▶ **Get Out of Debt**
- ▶ **Stop Collection Calls**
- ▶ **Stop Interest Charges**
- ▶ **One Low Monthly Payment**
- ▶ **Without Bankruptcy**
- ▶ **Without Loans**



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236

 **DAVID SKLAR & ASSOCIATES** INC.
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ■ TORONTO ■ PICKERING / AJAX ■ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ■ BRAMPTON

Pinangalanan ni Trump sina Sylvester Stallone, Mel Gibson at Jon Voight bilang 'Mga Espesyal na Ambassador' sa 'Troubled' Hollywood: Ibabalik Nila ang 'Lost Business'

Inaasahan ni President-elect Donald Trump na gawing "mas malakas kaysa dati" ang Hollywood sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangalan kina Sylvester Stallone, Mel Gibson at Jon Voight bilang "mga espesyal na ambassador," na ang layunin ay ibalik ang negosyong nawala sa "mga dayuhang bansa."

"Isang karangalan ko na ipahayag sina Jon Voight, Mel Gibson, at Sylvester Stallone, na maging Espesyal na Ambassador sa isang mahusay ngunit napakagulong lugar, Hollywood, California," isinulat ni Trump sa Truth Social Huwebes.



"Sila ay magsisilbing Espesyal na Sugo sa akin para sa layuning dalhin ang Hollywood, na nawalan ng malaking negosyo sa nakalipas na apat na taon sa mga Banyagang Bansa, tainga ko, at gagawin BUMALIK—MAS MALAKI, MAS MABUTI, AT MAS MALAKAS KAYSA NOON! Ang tatlong napakatalino na taong ito ang magiging mata at ko ang iminumungka-hi nila. Ito ay magiging muli, tulad ng mismong The United States of America, The Golden Age of Hollywood!" RCI

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



EXTRA PERSONNEL
 Kipling at Taber
 Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
 Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
 Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
 416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
 INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

HINDI MUNA ITUTULOY NI TRUMP ANG TARIPA SA CANADA

Kinumpirma ng administrasyon ni Trump sa Reuters na pinigilan muna ito ni Trump sa ngayon at sa halip inutusan ang mga ahensya sa isang memo na imbestigahan at solusyonang persistent trade deficits at tugunan ang unfair trade at currency policies ng ibang mga bansa.

Subalit ang Canada ay nakahandang magpatupad ng retaliatory tariffs sa Estados Unidos kung tutuparin ni Trump ang trade action sa mga darating na araw.

“Everything is on the table,” Ng told global markets reporter Seema Mody on CNBC’s “Squawk on the Street.”

This includes dollar-to-dollar retaliation. Canada’s trade chief also refused to rule out an export tax on Canadian oil and gas bound for the United States.

“I don’t actually think Americans want us to not be selling electricity, oil and gas to America, because you know, I’m here in New York, the lights on Broadway, lots of it is Canadian electricity,” said Ng.

“If you’re going to put tariffs on Canada, what it actually will do is make things more expensive for Americans,” she added. **RCI**

Trump sisibakin transgender sa military

Ito’y matapos ihayag ni Trump na maglalabas siya ng dalawang Executive Order (EO) para sa programa nitong tanggalin ang diversity, equity at inclusion (DEI) sa military base ng U.S.

Ipinagbabawal ng EO ang mga transgender na maglingkod sa U.S. military kasabay ng paglusaw sa direktiba ni dating President Joe Biden na nagpapahintulot sa mga transgender na magsilbi sa militar noong 2021.

Hihigpitan din ng EO ang patakaran sa paggamit ng mga pronoun at gender identity sa militar.

Plano rin ni Trump



Pres. Donald Trump

na ibalik ang mga miyembro ng militar na tinanggal dahil sa pagtangga sa COVID-19 vaccine mandate, bibigyan ng back pay at ibabalik sa kanilang ranggo.

Ipinagmalaki ng White House na malaking pagbabago ito sa polisiya ng militar para maprayoridad ang

merit-based hiring.

Samantala, aabot umano sa higit 15,000 na transgender ang tatanggalin sa US military kahit pa matagal na ang mga ito sa serbisyo at mataas o mababa man ang ranggo.

PURSIGIDO si US Pres. Donald Trump na tanggalin ang mga transgender sa militar.

Aabot umano sa higit 15,000 na transgender ang tatanggalin sa US military kahit pa matagal na ang mga ito sa serbisyo at mataas o mababa man ang ranggo

ABANTE NEWS

"The Travel Partner You Can Trust!"

Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849

Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4

Main Intersection: Yonge & Steeles

Kilalanin ang bagong Filipino-Canadian na senador, si Dr. Gigi Osler

Ang hat rack ni Flordeliz (Gigi) Osler ay puno na ng headgear ng isang doktor, advocate, assistant professor, dating presidente ng Canadian Medical Association at TikTok star, pero ang kanyang pinakabago ay umbrella-sized.

Ang coverage nito ay magbibigay kay Osler ng oportunidad na dalhin ang kanyang kakaibang vantage point sa mas malaking entablado.

Kailangan kong masanay diyan, sinabi ni Osler nang makausap sa isa sa mga pinakaunang pagkakataon bilang bagong senador ng Canada.

“Tapat kong masasabi na ako pa rin ay medyo nagulat, medyo speehless at beyond humbled na maging kinatawan ng ating probinsya



Dr. Gigi Osler ang isa sa mga bagong senador ng Canada

(Manitoba) sa Senado. Ito ay isang hindi kapani-paniwalang karangalan, at talagang hindi ako makapaghintay na magsimula.”

Ang surgeon na nakatira sa Winnipeg at assistant professor sa University of Manitoba ay itinalaga ng Red Chamber bilang isang inde-

pendent senator (bagong window) noong Setyembre ni Prime Minister Justin Trudeau.

Nandoon ako bilang isang proud na lifelong Manitoban. Nandoon ako para i-represent ang Manitoba pero tiyak, bilang isang person of colour at

isang babae, maaari kong idadag ang aking perspektibo sa nagaganap na mga gawain, sinabi niya kay Information Radio guest host Faith Fundal ng CBC Manitoba noong nakaraang buwan.

Umaasa rin si Osler na makapagdadala ng health lens bilang isang doktor na nagtrabaho noong COVID-19 na pandemya.

Sa palagay ko nakita natin kung paano ang anumang lamat sa sistema ay nagiging malawak na gaps sa isang pandemya. Marami sa atin, na-realize kung gaano kaimportante ang kalusugan at lahat ng determinants — social, financial, genetics, diet, bahay, tubig — kung paano ang lahat ng iyon ay nakakaapekto sa kalusugan, aniya. **RCI**



ACTION Honda

"WHERE CAR OWNERSHIP IS MADE EASY"

Your Filipino friends, ready at your Service!

To all my kababayans, Feel free to contact me "bibili ka man o hindi." It is always a pleasure to talk to a kababayan.

MABUHAY! rafael@myactionhonda.com

 Rafael Nebres General Manager	 Gani Gregorio Asst. Sales Manager	 Jose Sarte Service Manager	 Ronaldo Aquino Assistant Service Manager	 Joseph Redoblado Service Advisor	 Roland "Regi" Giraldez Sales and Leasing Consultant	 Ramon Bayani Sales and Leasing Consultant	 Don Luche Accountant
 Honda Pilot 2023	 Pio Regio Senior Lot Attendant	 Ramon Miranda Lot Attendant	 Marie Miranda Service Appointment Coordinator	 Jeshiela Jordan Accounts Receivable	 Terry Aquino Cleanup Associate	 Honda Odyssey 2023	
 Honda Accord 2023	 Honda Civic 2023	 Honda Passport 2023	 Honda CR-V 2023				

NEW & USED CAR SALES • CAR PARTS • BODY SHOP • CAR SERVICE

4334 Kingston Rd., Scarborough ON (south of Lawrence Ave. East) Tel. (416) 281-1234

4334 KINGSTON ROAD (AT LAWRENCE AVE. EAST)
416-281-1234 • www.myactionhonda.com

Foreign-trained physicians na nakatira sa Canada nahaharap pa rin sa mga balakid

Gaya ng nakita natin sa Walkerton, Ont., ilang araw lang ang nakalipas, ang Canada ay may kakulangan sa mga doktor.

Ito ay malala: Mahigit 6.5 milyong Canadians ang walang access sa isang family doctor.

Conveniently, mayroon din tayong libo-libong internationally trained physicians, o ITPs, na nandito na at handang magtrabaho.

Ngunit karamihan sa kanila ay hindi makapag-practise.

Ano ba ang nangyayari?

Narito ang ilan sa mga isyu: Lahat ng 13 probinsya at teritoryo ay may magkakahiwalay na licensing re-



Ayon sa advocacy groups libo-libong internationally trained doctors ang hindi makapag-practise ng medisina

Kakulangan ng mga doktor sa Canada

quirements.

Maaari rin ito mag-iba-iba, depende kung saan nag-train ang isang ITP.

Ang mga ITP ay required na kumuha ng apat na ini-

tial exams na maaaring magkahalaga ng libo-libo- ng dolyares bawat isa — lahat ng iyan habang sinusubukan nilang bumuo ng bagong buhay rito.

Ang proseso ng residency ay nagaganap lamang isang beses sa isang taon, at karamihan ng mga spot ay nakareserba na sa Canadian graduates. **RCI**



**FREE PICK UP
and DELIVERY
Dry Clean, Fresh &
- LOW PRICES**

CEDARGREEN

Coin Laundry *Avoid the Rush, Come Weekdays*

Skirts, Pants, Blouses • Men Shirts • Suite 2pcs

Very Clean COIN LAUNDRY & DRY CLEAN DEPOT

- Large Laundry Folding Tables on premises
- Free WiFi & Charge MACHINES on premises

OPEN DAILY

UNTIL 11:00PM • 416-289-7514

3340 Lawrence Ave East, Unit 5, Scarborough, ON M1H 1A7

Revilla sa NCSC: Centenarian Law sa Seniors, ipatupad!



PILIPINAS — Tinawag na sinun-ga PILIPINAS — Nagbabala si Senator Ramon 'Bong' Revilla, Jr. sa National Commission of Senior Citizens (NCSC) sa masamang implikasyon kung hindi agad maipatupad ang RA 11982 o ang Expanded Centenarian Law bago mata-pos ang buwan ng Enero.

Kilala bilang Senior Citizens Welfare champion, sinabi ni Senator Bong na dapat kumilos na ang NCSC ngayong New Year upang hindi mapagbuntunan ng galit ng mga lolo at lola na matagal nang naghihintay sa mga benepisyo ng inamyendahang batas na pinirmahan noong Marso 2024.

"Huwag magkakamali ang NCSC na hindi ito agarang ipatupad. Hindi naman nila siguro idi-disappoint ang ating mga lolo at lola na inaabangan na ito since last March," ayon kay Revilla.

"Sigurado naman akong ayaw nilang harapin ang galit ng ating mga naka-katanda," dagdag nito.

Tinaguriang "Revilla Law", ang Expanded Centenarians Act ay magbibigay ng P10,000 cash gifts sa mga senior citizens tuwing aabot sa mga edad na 80, 85, 90 at 95-anyos, samantalang ang mga centenarians o ang mga aabot 100 taong gulang ay patuloy na makakatanggap ng one-time cash gift na P100, 000.


"Sinigurado natin na mapondohan iyan sa General Appropriations Act (GAA) o 2025 National Budget. Naki-pag-ugnayan tayo sa DBM para ga-ran-tisado ang pondo. Now it's in the NCSC hands to fully implement it and ensure that no lolo and lola will be left behind," paliwanag ng mambabatas.

"Wala silang dahilan para hindi ito maipatupad. There are almost 200,000 senior citizens who stand to benefit under the law. We thus call on the NCSC to fulfill their obligations in ensuring that payouts are already ready and rolled out starting January 2025. They have already been given enough time and funding," pagtatapos ng senador.

Pilipino Star Ngayon

Carney inanunsyo ang pagtakbo para maging susunod na lider ng Liberal Party

Inilunsad kamakailan ni Mark Carney ang dating Bank of Canada at Bank of England governor, na umano ay ang kanyang pagtakbo upang palitan si Prime Minister Justin Trudeau sa gitna ng economic uncertainty



Chrystia Freeland kinumpirma na siya ay tatakbo para maging lider ng Liberal

Inanunsyo ng dating finance minister at deputy prime minister na si Chrystia Freeland na papasok siya sa Liberal leadership race. Sa isang maikling post sa X, ang dating ministro ng gabinete sinabi na siya ay tatakbo upang ipaglaban ang Canada.



House leader Karina Gould kumandi-dato para sa liderato ng Liberal Party

Sa edad na 37, si Gould ang pinakabatang kandidato na nais pumalit kay PM Justin Trudeau. Inanunsyo ni House leader Karina Gould na siya ay tatakbo sa Liberal leadership contest.



Karina Gould

KAALAMAN

"I believe a knowledge of the Bible without a college course is more valuable than a college course without a Bible."

- William Lyon Phelps (famous educator in USA)

Tinipong ULat ni RollyCab talibalita@rogers.com

Pandaigdig na Kapayapaan — Bakit Parang Napakaimposible?



Bigo ang pagsisikap ng mga tao na magdulot ng pandaigdig na kapayapaan, at patuloy silang mabibigo dahil:

"Hindi sa taong lumalakad ang magtuwid man lamang ng kaniyang hakbang." (Jeremias 10:23) Hin-

di binigyan ang mga tao ng kakayahan o karapatan na pamunuan ang kanilang sarili, kaya hindi nila mararanasan ang namamalaging kapayapaan sa sarili nilang pagsisikap.

"Huwag ninyong ilagak ang inyong ti-

wala sa mga pangulo, sa mga taong hindi makapagliligtas. Kapag pumanaw na ang kanilang espiritu, nagbabalik sila sa lupa; sa araw ding iyo'y nawawalan ng saysay ang kanilang mga balak." (Awit 146:3, 4, Ang Biblia—Bagong Salin sa Pili-

pino) Kahit pa dalisay ang motibo ng mga lider ng gobyerno, hindi sila makapaglaan ng solusyong lubusang mag-aalis sa ugat ng digmaan.

"Sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib na ma-



Ang Kaharian ng Diyos lamang, hindi ang pamahalaan ng tao, ang makapagdudulot ng inaasam nating namamalaging pandaigdig na kapayapaan. — Awit 145:16.



hirap pakitunguhan. Sapagkat ang mga tao ay magiging . . . mga mabangis, mga walang pag-ibig sa kabutihan, mga mapagkanulo, mga matigas ang ulo, mga mapagmalaki.” (2 Timoteo 3:1-4) Nabubuhay tayo sa “mga huling araw” ng napakasamang daigdig na ito, kung kailan napakahirap matamo

ang kapayapaan dahil sa nangingibabaw na ugali ng mga tao.

“Sa aba ng lupa at ng dagat, sapagkat ang Diyablo ay bumaba na sa inyo, na may malaking galit, sa pagkaalam na mayroon na lamang siyang maikling yugto ng panahon.” (Apocalipsis 12:12) Ang Diyablo, ang

kaaway ng Diyos, ay itinapon sa lupa at inuudyukan niya ang mga tao na maging marahas din gaya niya. Hangga’t siya ang “tagapamahala ng sanlibutang ito,” hinding-hindi tayo mabubuhay nang payapa.—Juan 12:31.

“Dudurugin . . . at wawakasan [ng Kaharian ng Diyos] ang

lahat ng mga kahariang [kumakalaban sa Diyos], at iyon ay mananatili hanggang sa mga panahong walang takda.” (Daniel 2:44) Ang Kaharian ng Diyos lamang, hindi ang pamahalaan ng tao, ang makapagdudulot ng inaasam nating namamalaging pandaigdig na kapayapaan.—Awit 145:16. **JW.org**

Ano ang Pangmalas ni Jesus sa Pulitika?



ANG mga manunulat ng Ebanghelyo ay nagulat ng maraming pangyayari sa ministeryo ni Jesus na nagpapakita ng kaniyang saloobin sa pulitika. Halimbawa, matapos bautismuhan si Jesus nang siya ay mga 30 anyos, inalok siya ng Diyablo na maging tagapamahala ng daigdig. Nang maglaon, gusto naman siyang gawing hari ng mga tao. Pagkatapos, sinikap din ng mga tao na gawin siyang aktibista. Ano ang ginawa ni Jesus? Tingnan natin.

Tagapamahala ng daigdig. Sinasabi sa mga Ebanghelyo na inalok ng Diyablo si Jesus na mamahala sa “lahat ng mga kaharian ng sanlibutan.” Isipin na lang kung gaano kalaki ang magagawa ni Jesus para sa nagdurusang mga tao kung tinanggap niya iyon! Sinong indibiduwal na nananalig sa pulitika at talagang nagmamalasakit sa mga tao ang tatanggi sa gayong alok? Pero tinanggihan iyon ni Jesus.—Mateo 4:8-11.

Hari. Noong panahon ni Jesus, marami sa kaniyang mga kababayan ang

"Ibayad ninyo kay Cesar ang mga bagay na kay Cesar, ngunit sa Diyos ang mga bagay na sa Diyos."
- Mat. 22:21

naghahangad ng isang hari na makalulutas sa kanilang mga problema sa kabuhayan at pulitika. Dahil hanga sila sa mga kakayahan ni Jesus, gusto nilang sumali si Jesus sa pulitika. Ano ang kaniyang reaksiyon? Sinasabi ng manunulat ng Ebanghelyo na si Juan: “Si Jesus, sa pagkaalam na papalapit na sila at aagawin siya upang gawin siyang hari, ay muling umalis na nag-iisa patungo sa bundok.” (Juan 6:10-15) Maliwanag, tumanggi si Jesus na makibahagi sa pulitika.

Aktibista. Pansinin ang nangyari ilang araw bago patayin si Jesus. Ang mga alagad ng mga Pariseo, na pabor sa paglaya mula sa Imperyo ng Roma, at

ang mga Herodiano, na mga miyembro ng isang partidong pulitikal na pabor naman sa Roma, ay lumapit kay Jesus. Gusto nilang pilitin si Jesus na magbigay ng kaniyang opinyon tungkol sa pulitika kaya tinanong nila siya kung dapat bang magbayad ng buwis sa Roma ang mga Judio.

Iniulat ni Marcos ang sagot ni Jesus: “Bakit ninyo ako inilalagay sa pagsubok? Dalhin ninyo sa akin ang isang denario upang tingnan! Nagdala sila ng isa. At sinabi niya sa kanila: ‘Kaninong larawan at sulat ito?’ Sinabi nila sa kaniya: ‘Kay Cesar.’ Nang magkagayon ay sinabi ni Jesus: ‘Ibayad ninyo kay Cesar ang mga bagay na

kay Cesar, ngunit sa Diyos ang mga bagay na sa Diyos.” (Marcos 12:13-17) May kinalaman sa sagot ni Jesus, sinabi ng isang aklat na hindi gusto ni Jesus na maging isang makapangyarihang pulitiko at maingat niyang itinatag ang hangganan sa pagitan ng mga bagay na kay Cesar at ng mga bagay na sa Diyos.

Nauunawaan ni Kristo ang mga problemang gaya ng kahirapan, katiwalian, at kawalang-katarungan. Sa katunayan, ipinakikita ng Bibliya na awang-awa siya sa kalagayan ng mga tao sa paligid niya. (Marcos 6:33, 34) Pero hindi nagpansimula si Jesus ng isang kampanya para alisin ang kawalang-katarungan sa daigdig, kahit pa sinikap ng ilan na isangkot siya sa kontrobersiyal na mga isyu noong panahon niya.

Maliwanag, gaya ng ipinakikita ng mga halimbawang ito, tumanggi si Jesus na makisali sa mga gawain sa pulitika. Kumusta naman ang mga Kristiyano sa ngayon? Dapat ba silang makisali sa pulitika? **JW.org**

ISANG GOBYERNO NA WALANG KORAPSIYON



“Ang Kaharian Ko ay Hindi Bahagi ng Sanlibutang Ito”. “Dahil dito ay dumating ako sa sanlibutan, upang ako ay magpatotoo sa katotohanan.”—JUAN 18:37. AWIT: 15

Noong malapit nang ipapatay si Jesus, napansin niyang inaasahan ng ilan sa kaniyang mga tagasunod na magtatatag siya sa lupa ng isang kaharian, doon sa Jerusalem. Itinuwid niya ang ideyang iyan gamit ang ilustrasyon tungkol sa mga mina. Ipinakikita nito na si Jesus, ang “taong ipinanganak na maharlika” ay maglalakbay at mawawala nang mahabang panahon. (Luc. 19:11-13, 15) Binanggit din ni Jesus na neutral siya pagdating sa mga Romanong awtoridad. Tinanong siya ni Poncio Pilato: “Ikaw ba ang hari ng mga Judio?” (Juan 18:33) Natatakot siguro ang gobernador na baka magdulot si Jesus ng kaguluhan sa politika, ang pangunahing ikinababahalang sa panahon ng pamumuno ni Pilato. Sumagot si Jesus: “Ang kaharian ko ay hindi bahagi ng sanlibutang ito.” (Juan 18:36) Hindi siya nakialam sa politika, dahil ang Kaharian niya ay nasa langit. Sinabi niya kay Pilato na ang gawain niya sa lupa ay ang “magpatotoo sa katotohanan.”— Juan 18:37.

Gaya ni Jesus, kung maliban sa atin ang ating atas, hindi tayo susuporta sa anumang militanteng kilusan kahit sa isip lang. Hindi ito lagging madali. “Lalong nagiging radikal ang mga tao sa lugar

namin,” ang sabi ng isang naglalakbay na tagapangasiwa. “Kitang-kita ang pagiging makabayan, at marami ang naniniwalang gaganda ang buhay nila kung makikibahagi sila sa militanteng kilusan. Mabuti na lang at napananatili ng mga kapatid ang kanilang pagkakaisa dahil na kapokus sila sa pangangaral ng mabuting balita ng Kaharian. Umaasa silang ang Diyos ang lulutas sa kawalang-katarungan at sa iba pang problemang napapaharap sa atin.”

Madalas na dahil sa kawalang-katarungan, lalong nagiging mainit ang politika. Ang pagbabayad ng buwis ay isang mainit na isyu noong panahon ni Jesus. Sa katinayan, nagrebelde si Hudas na taga-Galilea, na binanggit kanina, dahil sa pagrerehistro na nilayon para matiyak na ang mga Judio ay nagbabayad ng buwis sa Roma. Ang mga sakop ng Roma, kasali na ang mga nakikinig noon kay Jesus, ay kailangang magbayad ng mga buwis, gaya ng sa pagkain, lupa, at bahay. At lalo pang nagpabigat ang pagiging tiwali ng mga maniningil ng buwis. Ang mga ito ay nakakabili sa gobyerno ng posisyon sa pampublikong subasta at saka nila ito gagamitin para magkapera. Si Zaqueo, ang

punong maniningil ng buwis sa Jerico, ay yumaman dahil sa panginikil. (Luc. 19:2, 8) Malamang na iyan din ang ginagawa ng marami.

Tinangka ng mga kaaway ni Jesus na sukulin siya may kinalaman sa pagbabayad ng buwis. Ang isyu ay tungkol sa “pangulong buwis,” isang denario na ipinapataw sa mga sakop ng Roma. (Basahin ang Mateo 22:16-18.) Ayaw na ayaw ito ng mga Judio. Katinayan kasi ito na sakop sila ng Roma. Ang “mga tagasunod sa partido ni Herodes,” na nagbangon ng isyung ito, ay umaasang maaakusahan si Jesus ng sedisyon kapag kinontra niya ang pagbabayad ng buwis. Kapag sinabi naman niyang kailangang magbayad ng buwis, iiwan siya ng mga tagasunod niya.

Nanatiling neutral si Jesus sa isyu ng pagbabayad ng buwis. “Ibayad ninyo kay Cesar ang mga bagay na kay Cesar, ngunit sa Diyos ang mga bagay na sa Diyos,” ang sabi niya. (Mat. 22:21) Siyempre pa, alam ni Jesus na maraming tiwaling maniningil ng buwis. Pero ayaw ni Jesus na mailihis siya mula sa mas mahalagang isyu—**ang Kaharian ng Diyos, na siyang tunay na solusyon**. Sa gayon ay nagpakita siya ng halimbawa sa lahat ng mga tag-

asunod niya. Hindi sila dapat makisangkot sa mga isyu sa politika, kahit mukhang tama naman o makatuwiran ang mga ito. Ang hinahanap ng mga Kristiyano ay ang Kaharian ng Diyos at ang kaniyang katuwiran. Iyan ang ginagawa nila sa halip na magbigay ng opinyon tungkol sa ilang di-makatarungang gawain, o magsalita laban dito.—Mat. 6:33.

Maraming Saksi ni Jehova ang hindi na nakikialam sa mga isyu sa politika na dati nilang ipinaglalaman. “Matapos mag-aral ng araling panlipunan sa isang unibersidad, naging radikal ang pananaw ko,” ang sabi ng isang sister sa Great Britain. “Gusto kong ipaglaban ang karpatan naming mga itim, dahil aping-api na kami. Kahit nananalo ako sa mga argumento, hindi pa rin ako masaya. Hindi ko naisip na dapat palang maalis muna sa puso ng tao ang dahilan ng pagtatangi ng lahi. Pero nang mag-aral ako ng Bibliya, nakita kong dapat ko itong simulan sa puso ko. At isang sister na puti ang matiyagang tumulong sa akin na gawin ito. Sa ngayon, isa na akong regular pioneer sa kongregasyon ng sign language, at sinisikap kong makatulong sa lahat ng uri ng tao.” **JW.org**

DATOL ORDER



Ulat ni Mon Datol

Urong-sulong galawang 'impeach' Sara Duterte

Ilang kongresista ang nagdadalawang-isip na umano sa isinusulong na *impeach* VP Sara Duterte dahil sa ginanap na *National Rally for Peace* ng Iglesia ni Cristo noong Enero 13 na kung saan mahigit daw 1.5Milyong miyembro at 'supporters' ang nagtipon-tipon sa Luneta Park. Bakit?

Dahil takot mga re-eleksiyonistang Kongresista sa Iglesia?

Sa kasalukuyan ay may tatlong impeachment complaints na inihain sa Kongreso laban sa bise presidente, at, meron pa raw ika-4 na reklamo pero wala pa hanggang sinusulat ko ito. Sa mga unang araw ay maraming Kongresista na pabor at sumusuporta sa nasabing 'impeach Sara' pero matapos ng Enero 13 INC 'peace rally' sa Luneta ay...

Nabahag na raw 'buntot' ng ilang asong-gala sa Kamara?

Bakit nga raw ba 'takot' mga pulitiko sa Iglesia ni Cristo at ilan pang malalaking relihiyosong ministro o samahan/grupo tulad ng El Shaddai, Seventh Day Adventist, Jesus is Lord Church Worldwide, pati na Kingdom of Jesus Christ ni Apollo C. Quiboloy? Simple lang sagot dyan, dahil kayang magpanalo ng kandidato ng INC dahil milyones botante nila, at ang Iglesia lang, yata, ang...

'Block voting'ang ginagawa.

Mas maraming Katoliko keysa INC, at iba pang religious ministries sa Pinas, pero, hindi pinipilit ng mga Pari at mga Pastor ang kanilang mga karelihiyon na iboto ang partikular na kandidato na lumalapit at humihingi ng bendisyon sa mga opisyaes ng Simbahan at/o Ministry, dahil...

Lahat ng tao may karapatang iboto ang kursunadang tao.

Hindi natin sinasabi rito na ang 'block voting' ng INC ay 'kautusan' ng kapatirang nakakataas dahil hindi po natin alam kung ano ang kanilang mga polisiya at/o batas ng pananampalataya hinggil sa pulitika ng bansa. Basta ako...

Sinusunod ko ang dikta ng puso at isipan ko sa pagboto.

Naging 'Rally for Sara' ang 'Rally for Peace and Unity' ng INC sa Luneta dahil sa ginawang 'speech' ni Cong. Dante Marcoleta na binira ng sagad-sagad ang QuadCom ng mga kasamahan nyang Kongresista para depensahan ang naging imbestigasyon sa ginastos ng walang mga resibo umano na 'Confidential Funds' ni VP Sara sa DeepEd at OVP na me kabuuang Ph612.5Milyon. Wala raw dapat mamulitika sa rally sa Luneta, ayon sa kalatas ng Iglesia, pero...

Nag-abogado si Marcoleta ke Sara sa paggastos sa pera ng bayan.

Apurahan ang ginawang aksyon ng Liberal Party sa paghanap o' pagpili ng ipapalit ke Justin Trudeau bilang Party Leader at Prime Minister ng Canada matapos mapilitang mag-resign last week si Trudeau dahil nga...

Wala ng tiwala mga Canadians ke Justin Trudeau.

March 9 ang deadline para makahanap ang Liberal Party ng kapalit ni Trudeau at January 23 ang last day of filing ng mga tatakpong Party Leader ng LP at habang tinitipa ko itong kolumn ko ay iisa pa lang ang nagsabing gusto nyang palitan si Trudeau at ito ay si...

Mark Carney na dating Bank of Canada governor ang gustong maging Prime Minister ng Canada

Well, hindi madaling tumakbo bilang Party Leader dito sa Canada, lalo sa Liberal Party na majority party nga ng bansa kayat naging PM si Justin Trudeau, kailangang paldo bulsa mo dahil...

Filing fee pa lang ng tatakpong LP Leader ay \$350K kada kandidato na

Nagsalita na rin kahapon si MP Anita Anand na hindi na rin sya sasali sa leadership race at hindi na rin tatakpong re-electionist sa Oakville at tatapusin na lang ang serbisyo bilang Transportation Minister. Bakit?

Wala na eh, grabe angat ng PC sa Liberal Party, 27 points!

Well, hintayin na lang po natin kung sino na ang magiging kapalit ni Justin Trudeau bilang lider ng Liberal Party sa March 9 dahil muling magbubukas ang Parliament sa March 24 at paniguradong

Magkakaroon na agad ng vote of confidence para magkaroon ng agad ng

federal election ngayong spring.

Anyare sa ginawang peace rally kahapon, January 13, sa Luneta na sinabi at tinawang ng Iglesia ni Cristo (INC) na walang pulitikong dadalo at sasama sa nasabing pagtipon na dinaluhan ng may 1.5Milyong miyembro? Para itong naging...

Miting de abanse ni Marcoleta ah!

Suportado raw ng mga kandidatong sina Bato dela Rosa, Tol Tolentino at Belgica at iba pang pulitiko ang pagkakaisa at kapayaan ng rally ng INC kaya sila anduon sa Luneta.

Nakngdragon Tol Reyfort! Walang pulitika mga pulitiko na dumalo sa Luneta???

Talaga lang ha?

Gigil na gigil sa pagsasalita si Cong Rodante Marcoleta sa pagtira sa ginawang budget deliberations ng Kamara/QuadCom lalo na sa pagtapyas ng confidential funds ni VP Sara Duterte na halos pag-amin na...

Personal syang abogado ni VP Sara at di diputado ng bayan.

Close friend ng nasira kong utol Senior Citizens Partylist DiCong Jun Datol si Cong Dante Marcoleta at nakaharap ko na ito several years back nuong buhay pa si Utol Jun at hanga ako sa paninindigan nya bilang mambabatas. Pero, sa ginagawa at pananalita nya sa pagdedepensa ke VP Sara sa impeachment complaints kontra sa Bise...

Ekis na sa balota ko bilang Senador si Marcoleta!

Nag-withdraw bilang Senatorial candidate nuong Linggo si dating Ilocos Sur Gov. Chavit Singson dahil sa sakit

daw yata nya at medyo baka mahirapan sa nationwide campaign, at, grabe rin ang dami ng inaasikasong mga negosyo. Well...

Kahit di naman Senador, talo pa ni Lodi Chavit kahit Bise Pres, eh, di ba Pareng Joe Damasco?

Ano raw tingin ko sa kandidatura ni Erwin Tulfo bilang Senador ngayong Mayo 12 midterm election? Tanong ng marami kong kaibigan sa Pinas. Sagot ko? Dahil name-meke at di Pinoy...

Never kong iboboto si Erich Sylvester Tulfo.

Bakit daw si dating Bamban, Tarlac Mayor Alice Leal Guo aka Guo Hua Ping ay agad-agad sinuspindi at/o sinibak na alkalde ng Bamban kahit na elected ito ng bayan, gayung halos parehas sila ng kaso ni Erwin Tulfo na

nameke ng dokumento para makakuha ng birth cetificate at passports? Dahil kaya sa..

Intsik si Alice Guo at walang makapang-yarihang kapatid na Senador???

Kahit nga si Comelec Chairman Atty. George Garcia raw ay walang magagawa sa sinasabing DQ ni Erwin Tulfo sa laging Top 1 sa Senatorial survey kahit na may mga dokumentong nagpapatunay umano na US citizen ito nuong i-appoint ni PBBM bilang Secretary ng DSWD nuong 2022 at naging ACT-CIS Partylist ng ng di makalusot sa Commission on Appointment.

Takot nga ba Comelec sa mga Tulfo, lalo na ke Sen. Raffy?

Basta ako, heto lang muna ang listahan ko ng iboboto

ko sa Mayo 12, 2025 midterm elections bilang dual citizen, personal ko po ito ha? Senador: Tito Sotto, Ping Lacson, Bong Revilla, Manny Pacquiao, Willie Revillame, Kiko Pangilinan at ang United Senior Citizens Partylist.

Yon lang Po muna. Kayo, sino nasa listahan nyo?

Me dugong ilokano ako, pero, bakit daw hindi ko dinadala si Imee Marcos bilang re-electionist Senator gayung manang sya ni PBBM? Simple lang din sagot ko sa tanong na yon ng mga tropapeeps ko...

'Dugong Duterte' si Imee, eh, dehins yata Ilokano.

SHORT ORDER:

Namayapa na ang aking pangalawang

Ina, si Nanay Luring Fortaleza sa edad na 98, ang matriarch ng Fortaleza Family ng Surrey, BC at Leveriza, Malate, Manila na siyang tunay na magmamahal na Mother ng Fortaleza Fighting Bothers ng Philippine National Team at FEU sa Olympics, Asian at SEA Games, World Boxing Championships at iba pang International Sluggfests. Rest in Eternal Peace Nanay Luring in the company of Tatay & Lord Jesus Christ. Maraming salamat Po sa maraming taong pagmamahal at pagturing din sakín bilang isang tunay na anak nyo ni Tatay, Nay Luring. **God Bless.**

8-anyos pinakabatang nabuntis sa 'Pinas

PILIPINAS - Inamin ng Commission on Population and Development na lubhang nakaka-bahala na ang lumalaking bilang ng mga kaso ng pagbubuntis sa murang edad kung saan, ang pinakabata ay isang walong taong gulang na nanga-ngak sa lalawigan ng Sulu noong 2023.

"Actually, ang nakakalungkot in 2023 may naitala na live birth na younger than 10, 8 years old in Sulu," pahayag ni PopCom Deputy Executive Director Lolito Tacardon sa pagdinig ng Senate Committee on Basic Education sa kaso ng teenage pregnancies.

Base sa datos ng Civil Registry and Vital Statistics, ibinunyag pa ni Tacardon na noong 2023, nai-



Batang-bata nabubuntis sa Pinas dumarami

tala ang 11,497 live births sa mga edad 10 hanggang 15 taong gulang habang 54,510 live births sa mga 17-anyos pababa habang 23,260 live births naman ang repeat pregnancy.

Noong 2012, naitala ang teenage pregnancy cases sa 209,000 na bumaba sa 142,000 noong 2023. Subalit ang kaso ng 10-14

yrs old na nabuntis noong 2023 ay naitala sa 3,342 mula sa 1,629 noong 2013.

Samantala, sinabi ni Department of Health (DOH) Assistant Secretary Albert Domingo na dapat ding pag-isipang agahan ang pagtuturo kaugnay sa puberty sa halip na simulan ito sa 11-anyos.

ABANTE NEWS

Destabilization ni Duterte laban kay PBBM



President Ferdinand Marcos Jr.

MANILA, Philippines — Naniniwala si Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na bahaging destabilisasyon ang inihaing reklamo sa Supreme Court (SC) na kumukwestyon sa legalidad ng 2025 General Appropriations Act (GAA).

...*destabilization*

Sinabi ng Pangulo na nais lamang ng mga naghain ng reklamo na matigil ang operasyon ng gobyerno at maituloy ang destabilization.

"We shut down everything. I guess that's what they want-- they want the government to cease working. So matuloy 'yung kanilang mga destabilization na ginagawa," pahayag ng Pangulo.

Tiwala naman ang Pangulo na mayroong solid footing ang gobyerno para depensahan ang budget at nakausap na rin niya si Solicitor General Maynard Guevarra. Kumpiyansa rin siya na kayang depensahan ni Guevarra ang P6.326 trilyong budget ngayong taon sa Korte Suprema.

Sinabi rin ng Pangulo na binasa niya ang 4,057 pahina ng budget at wala siyang nakitang blank items.

"But let me tell you, as President, I am going to give you a run for your money. Just last month, I had to read 4,057 pages of the General Appropriations Act for 2025," pahayag ni Pangulong Marcos.

Una nang dumulog sa SC sina dating Executive Secretary Vic Rodriguez at Davao Rep. Isidro Ungab para ipawalang bisa ang national budget. Kinukwestyun din ng mga ito ang mga blank items sa bicameral conference committee report ng Kongreso.

Pilipino Star Ngayon

Mga banta ni Trump isiniwalat ang problema sa pipelines ng Canada na tumatakbo sa U.S.



Ang Westridge Marine Terminal sa Port of Vancouver hina-handle ang crude oil exports sa global markets.

Sa nakalipas na quarter century sa North America, ang "continental energy security" ang watchword para sa mga gobyerno at industriya — na sa pamamagitan ng pagli-link sa U.S. at Canada nang magkasama sa pamamagitan ng mga pipeline at refinery, ang parehong bansa ay magiging protektado mula sa mga banta at hostile trade actions na inakala nila ay manggagaling sa mga dayuhan.

Ngunit siyempre, ang desisyon ay nagmumula sa

loob, at ipinahiwatig ni U.S. President Donald Trump na ang Canada ay hindi isang partner, ngunit isang target para sa extortion at kahit annexation.

Kaya ... ano na ngayon ang magaganap?

Ang nangyayari:

Ang analysis ng aming colleague na si Evan Dyer tiningnan ang mga puntos kung saan

ang Canadian oil ay nagiging vulnerable sa Estados Unidos.

Ang Achilles heel para sa Canada ay ang Ontario, na hino-host ang Line 9, dumadaloy sa silangan mula Sarnia hanggang sa refineries sa Montreal area.

Ito ay maaaring maging kritikal sa isang tunay na trade war laban sa Estados Unidos. **RCI**

"Ang interconnectedness ay isang double-edged sword at ang Canada ay vulnerable sa anumang trade war"

Trudeau nakipagkita sa Holocaust survivors sa anibersaryo ng liberasyon ng Auschwitz



canadian Holocaust survivors Miriam Ziegler, kaliwa, at Howard Chandler, kanan, nakipag-usap kay Prime Minister Justin Trudeau sa Krakow, Poland.

Nagbabala ang Auschwitz survivors na ang mundo ay naging toxic na.

Nakipagkita si Prime Minister Justin Trudeau sa dalawang Canadian Holocaust survivors na nakatira sa Krakow, Poland, bilang parte ng mga event na ginugunita ang ika-80 na anibersaryo ng liberasyon ng concentration camp sa Auschwitz-Birkenau.

RCI

ROOM FOR RENT

Single Female

Close to all amenities, Colleges and Scarborough Town Ctr. Public bus in front of the house.

Location: LAWRENCE/BELLAMY

Text/Call: 647-287-1870

WANTED

A matured Filipina

CAREGIVER

Interested Please Call Saverio

416-562-9005

Location: **ETOBICOKE**



Karne na kulang sa timbang nag-udyok ng asunto laban sa malalaking grocery store

CANADA- Ayon sa mga grocer gumawa sila ng mga hakbang para tiyakin na nakukuha ng mamimili ang kanyang binayaran. Nag-file ng reklamo si Iris Griffin sa Canadian Food Inspection Agency matapos madiskubre na ang ground beef na kanyang binili sa isang Loblaw Superstore sa Winnipeg ay kulang sa timbang. **RCI**

S e r v i n g O u r C o m m u n i t y S i n c e 2 0 0 0

Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



Filipino Canadians (French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest

group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated **957,355**, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for **Filipino immigrants**.

ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870



TalibaFlipzMedia Photography Services

Professional Product Photography – Food, Jewelry
or just pictures of your store.

We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

- 100+ photos \$20 per photo (with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)
- 50-90 photos \$25 per photo
- 20-49 photos \$30 per photo
- 10-19 photos \$35 per photo
- 5-9 photos \$40 per photo
- 2-4 photos \$45 per photo

Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license



For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

TALIBA/Flipz Media (Magazine & Social Media Services)

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

“Bringing your products & services at the forefront of digital industry.”

ABOUT: While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

SERVICES: Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

VISIT www.talibaflipzmedia.com or CALL ROLLY : **647-287-1870**